Ang Card ay maaaring i-load ng Philippine Currency lamang sapamamagitan ng mga sumusunod: (a) Over the-counter (OTC) cash loading sa alinmang PNB Branch (b) Cash loading sa pamamagitan ng PNB Cash Accept Machine (CAM); at (c) Fund Transfer gamit ang PNB ATM at (d) PNB Digital Application. Para sa OTC card loading, ang Cardholder ay maaaring magrequest sapinakamalapit na PNB Branch sa pamamagitan ng pag-fill out ng transaction slip.

b. Lokal o Internasyonal na Cash Withdrawal. Maaaring magwithdraw ng pera ang Cardholder sa pamamagitan ng mga PNB ATMs, Bancnet ATMs, at mga internasyunal Mastercard ATMs o sa Over-the-Counter Withdrawal sa alinmang Branches ng Bangko gamit ang withdrawal slip. Ang Over-the-Counter withdrawals ay dapat isagawa ng Cardholder na may karapatang withdrawal/service fees.

c. Online Payment at Point of Sale (POS) Payment ng mga Bagay at Serbisyo. Maaaring gamitin ang Card sa pagbili ng mga bagay at serbisyo sa mga kaakibat na merchants dito sa Pilipinas at sa ibang bansa. Ang paglagay ng PIN at/o paglagda sa transaction slip ay maaring kailanganin upang makumpleto ang transaksyon. Ang Card ay maari din gamitin ng Cardholder bilang pambayad online.

d. Pagtanggap at Paglipat ng Pondo. Maaaring makatanggap ang Cardholder ng pondo mula sa isang PNB deposit account o sa PNB Prepaid Card na alinsunod sa Top-up Limit. Ang Cardholder ay maaring gamitin ang kanyang Card upang magpasang pondo sa ibang Card alinsunod sa Top-up Limit.

e. Bills Payment. Maaaring gamitin ang Card sa pagbayad ng bills ng alinmang mga kaakibat na biller ng PNB sa pamamagitan ng PNB ATMs at PNB Digital Application.

f. Balance Inquiry. Maaaring magcheck ng balanse ang Cardholder sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod: (a) PNB ATMs, (b) PNB CAMs, (c) ATM ng ibang Bangko, o sa (d) PNB Digital Application.

h. Others. Ang Bangko ay maaaring magdagdag ng iba pang mga katangian ng Card pero ito ay magiging epektibo mataposito ipagbigay-alam o publication.

Kinikilala at naiintindihan ng Cardholder na ang mga katangian ng Card ay maaaring may pagkaiba sa iba't- ibang Cardholders, depende sa kakayahan ng paggamit ng mga pasilidad o katangian ng Card, at batay sa diskresyon ng Bangko. May karapatanang Bangkong limitahin o ibahin ang mga katangian ng card. at na maaaring magbago ayon sa kagustuhan ng Bangko.

5. **Bisa at Aktibasyon.** Ang Card ay maaaring magamit mula sa unang top-up ng Cardholder o ng alinmang mga awtorisadong issuer ng Bangko, at ito ay may bisa hanggang sa nakasaad na expiry period, maliban lamang kung ito ay

PNB Prepaid Cards Terms and Conditions

nakansela o bawiin ng Bangko alinsunod sa mga kadahilanang nakasaad dito. Kapag natanggap na ang Personal Identification Number (PIN) Mailer, dapat baguhin ng Cardholder ang PIN gamit ang PNB ATM. Umaayon ang Cardholder na ilihim ang PIN at hindi dapat ipaalam ito sa kahit kaninuman. Naiintindihan ng Cardholder na ang PIN ay dapat mapanatiling ligtas kasama na ang pagtandanito sa memorya. Ang Cardholder ay sumasangayon na lagdaanang Card matapos itong makuha at pangalagaan ang Card kagaya ng salapi. Ang Cardholder ay responsable sa seguridad ng kanyang Card sa anumang oras.

6. Halaga ng Card. Ang halaga ng Card ay maaari lamang maipalit sa halagang nakalagay dito at hindi ito kumikita ng interes. Kung naaangkop, ang mga reward at anumang katuladna incentive ay hindi maaaring ipagpalit sa salapi. Hindi rin maaaring bilhin ang Card sa halagang may diskuwento. Pinapayuhan ang Cardholder na alamin ang balanse ng Card sa pamamagitan alinmang PNB/BancNet/MasterCard ATM o PNB CAM. Maaaring patawan ng kaukulang service charge ang Cardholderkung siya ay gumamit ng ATM ng ibang bangko. Hindi nangan-gailangan ng minimum maintaining balance ng Card.

7. Bayad, singil, at buwis. Ang Cardholder ang may pananagutan sa mga bayarin na maaaring ibawas sa halaga na nasa Card at nagbibigay siya ng pahintulot sa Bangko na ibawas sakanyang Card ang mga pambayad sa buwis o iba pang mga bayarin, kung mayroon man. Ang mga buwis at halaga ng babayaran ay maaaring magbago depende sa mga batas at regulasyon batay sa pagpapanatili, pangangasiwa, at operasyon ng Card at ng halaga ng Card. Ang mga karagdagang buwis ay maaaring ipataw sa Card alinsunod sa patakaran ng pamahalaan, batas, at iba pang regulasyon. May karapatang maningil ang Bangko ng bayad para sa serbisyo nito ayon sa mga itinakdangpanuntunan ng batas o ng kaukulang regulasyon kaugnay ng paggamit, pagpapanatili, pangangasiwa, o operasyon ng Card at/o Card Value. May mga karampatang buwis na maaaring ipataw sa Card para tugunan ang awtoridad ng pamahalaan, mga batas, at mga regulasyon, at maaaring magbago ang buwis o halaga nito alinsunod sa mga naaayon na batas at mga regulasyon. Lahat ng mga transaksyon o halagang ipinapataw na bayarin sa paggamit ng foreign currency ay awtomatikong ipapalit ang nasabing halaga sa Philippine Peso sa petsa ng transaksyon, gamit ang umiiral na exchange rate naginagamit ng card network Mastercard. Maaring magkaroon ng karagdagang service fee, assessment fee, at iba pang mga bayarin para sa mga transaksyongbinanggit, na ipapataw ng Bangko sa halagang ipinalit.

8. Mga Report. Ang Cardholder ay maaaring humingi ng reporttungkol sa mga transaksyong nagawa gamit ang Card sa kanyang Branch of Account.

9. Mga Kahina-Hinalang Transaksyon. Kung sakaling may matuklasang mga kahinahinalang transaksyon o aktibidad sa Card, maaaring tiyakin ng Bangko sa Cardholder ang mga ito sapamamagitan ng pagtawag sa telepono. Ang pagsuspindi o Pagkansela ng Card ay maaaring gawin ng Bangko kung may rason ito at pinaniniwalaang nagagamit sa panloloko, sa mga ilegal na gawain, o ginagamit ng mga hindi awtorisadong tao. Walang obligasyon ang Bangko na ipagbigay-alam sa Cardholder ang suspensyon o ang kanselasyon ng Card. Sumasang-ayon ang Cardholder na walang pananagutan ang Bangko o ang mgasangay, kaanib, opisyal, empleyado, ahente, partner, o kalihimnito, sakaling masuspindi o makansela ang Card dahil sa mga ibinigay na rason dito.

10. Pagkawala ng Card/Pagkalimot ng PIN. Sa pagkakataongmawala o manakaw ang Card, o kaya'y makalimutan o mawalaang pagkasikreto ng PIN, kailangang maipagbigay-alam agad ng Cardholder ang insidente sa kanyang branch ng Bangko, o kaya'y itawag sa PNB hotline number (+632)8573-8888 para maireport ang nangyari. Matapos ma-i-report sa Bangko na ang Card ay nawala, nanakaw, o nakalimutan ang PIN, agad iba-blockang Card upang maiwasan ang pagpasok o pagkumpleto ng anumang transaksyon. Anumang halaga na mabawas sa Card bago maipagbigay-alam ang mga nabanggit na insidente ay nangangahulugang transaksyon ito ng Cardholder. Sumasang-ayon ang Cardholder na maaari niyang makuha ang anumang halagang naiwan sa kanyang Card matapos lamang ang apatnapu't limang (45) araw ng pagbabangko mula sa araw ng pagtanggap ng Bangko ng notaryadong Sinumpaang Salaysay ng Pagkawala (Affidavit of Loss of Stolen Card). Ang naiwang halaga ay maaari lamang makuha sa pamamagitan ng paglipat ng balanse sa bagong biling Card.

11. Pagpalit ng Sirang Card. Papalitan lamang ng Bangko ang mga may-sirang Card (i.e. sirang chip, sirang magnetic stripe, sirang signature panel, etc.) nang walang bayad kung ito ay hindi pa nagagamit sa kahit anong matagumpay na transaksyon. Ang mga may sirang Card ay dapat na ipapalit kung saan ito nabilinang walang bayad. Ang lahat ng mga may sirang Card ay dapatna ibalik sa PNB Branch o kung saan ito nabili.

Kung ang Card ay nasira dahil sa alinmang mga rason (i.e. ATMcapture, nasira dahil sa maling paggamit at pagtago, etc.) ang Cardholder ay dapat bumili na ng bagong Card sa sarili niyanggastos.

Ang desisyon ay nananatili sa Bangko kung papalitan ang Damaged Card sa anumang mga dahilan tulad ng, ngunit hindi limitado sa, kung ito ay makasasama sa interes ng Bangko o ng Cardholder.

12. Unclaimed Cards. Ito ay ang mga Personalized Card na naibigay na sa mga branch ng Bangko ngunit hindi pa nakukuha ng mga Cardholder. Ang mga Personalized Cards ay maaaringmakuha sa loob ng Animnapung (60) araw mula nang ito ay maipadala sa mga sangay ng Bangko. Ang lahat ng UnclaimedCards ay sisirain para sa kadahilanang pangseguridad. SinumangCardholder na hindi makakakuha ng Card sa loob ng nakasaadna panahon ay kinakailangang bumili na ng bagong Card.

PNB Prepaid Cards Terms and Conditions

13. Pagkansela ng Card. Ang Card ay maaaring makansela dahil sa mga sumusunod na pangyayari: (a) Pagbalik ng Card sa Bangko ng Cardholder; (b) Pagkawala o Pagkasira ng Card at hindi pagpalit ng Cardholder sa nawala o nasirang Card; (c) Napag-alaman ng Bangko na ang naibigay na Card ay may motibong manlinlang, o ito ay ninakaw, o ito ay pinakialaman ng hindiawtorisadong tao; (d) ang Cardholder ay mayroong Global Filipino Card/Cash Card at ang combined card top-up sa lahat ng Card ay sumobra sa Top-up Limit at/o ang Shared Top-up Limit, o (e) Pagnanais ng Bangko na kanselahin ang Card.

Kinikilala ng Cardholder ang karapatan ng Bangko na kanselahin ang Card o anumang mga transaksyon, sa kahit na anong dahilang ibinigay sa naunang pamagat. Pumapayag ang Cardholderna panatilihin ng mga transaksyon sa kahit anong pananagutan ang Bangko, o sangay, kaanib, kasapi, opisyal, empleyado, partner, ahente, kinatawan nito, na maaaring magmula sa kahit anong pagkawala o pagkasira na nangyari sa Card dahil sa mga dahilang nabanggit.

14. Inactive Cards. Ituturing na inactive ang Card kung walang reloading, withdrawal, o pagbili na ginawa gamit ang Card sa loob ng pitong (7) buwan mula sa huling transaksyon. Kapag naging inactive ang Card, may karapatan ang Bangko na magpataw ng inactivity fee na nagkakahalagang Twenty Pesos (Php 20.00) sa bawat buwan na ito ay inactive hanggang sa maubosang laman ng Card at maaaring baguhin nito ang kasalukuyang fees/charges ayon sa ipinahihintulot ng batas o mga panuntunan ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Ang mga nasabing service fees/charges ay awtomatikong ibabawas sa anumang halagang laman ng Card nang hindi kinakailangang ipagbigay-alam sa Cardholder. Ang Inactive Card ay maaaring maituturing na aktibo sa oras na may ginawang transaksyon ang Cardholder (mali-ban sa balance inquiry).

15. Sobrang Pagcredit, Maling Pagcredit, Hindi Magkadebit, atbp. Sa mga pangyayaring sumobra sa pagcredit, maling pagcredit, hindi nakapagcredit, maling pagdebit, misposting, o anumang pagkakamali sa transaksyon ng kahit anong halaga (na ngayon irefer bilang "Halagang utang kay PNB") sa account ni Cardholder na lumalabas sa libro ng bangko, at sa anumang dahilan tulad ng, ngunit hindi limitado sa, pagkakamali sa Sistema o sa kominasyon, ang Cardholder ay ibabalik kaagad sa bangko lahat ng halaga na hindi kailangan ng paunang abiso, at lahat ng bayarin at pinsala na natamo ni Bangko, tulad ng interasa loan rate ng bangko base sa halaga na due kay PNB, enforcement ng karapatan na bawiin at kumolekta ng halagang utang kay PNB. Dahil dito, ang Cardholder ay nagbibigay ng awtoridad ang PNB at ang kanyang mga kinatawan na magdebit ng halagang account hanggang sa halagang utang kay PNB na walang kasalanan o liabilidad. Ito ay walang prejudice sa karapatan ng bangko na mabawi at ikolekta ang kabuuan ng halagang utang kay PNB, kung sakali na ang account ni Cardholder ay di maaaring i-debit sa anumang rason tulad ng, ngunit hindi limitado sa pagkukulang sa balanse, at sa paggamit ng bangko ng legal na proseso na sa ilalim ng batas at sa kasunduan na ito tulad ng, pero hindi limitado sa pagcancel o suspensyon ng relevant na account, cibil, kriminal, at/o administratibo na remedy.

16. Impormasyon patungkol sa Cardholder at Pag-update. Nakasaad sa batas ng Pilipinas at sa mga patakaran ng BSP nakinakilangang kunin, patunayan, at i-record ang impormasyon patungkol sa bawat kliyente ng Bangko. Alinsunod dito, mahal-agang maibigay ng Cardholder ang mga sumusunod: pangalan, address, araw ng kapanganakan, at iba pang mahahalagang impormasyon na magpapatunay sa pagkakakilanlan ng Cardholder. Kung kinakailangan, hihingin din ng Bangko ang Photo ID o iba pang dokumento ng Cardholder.

Mahalagang agad na mag-abiso ang Cardholder sa Bangko kung may anumang pagbabago sa mailing address, e-mail address, contact number, at iba pang impormasyon ng Cardholder upang maiwasan ang pagkaantala o kabiguang makatanggap ng impormasyon o komunikasyon patungkol sa Card. Hindi pananagutan ng Bangko ang anumang pinsalang mula sa hindi pagtanggap ng mga anunsyo o paalala patungkol sa, ngunit di limitado sa, bayad, buwis, alituntunin at kundisyon ng Card, kung hindi agad naipagbigay-alam sa Bangko ang bago o pinalitang impormasyon ng Cardholder.

17. Data Privacy. Ang Cardholder ay sumasang-ayon na mag bigay pahintulot sa pagkolekta, pagproseso, makapaglipat, makapagbigay-alam, at magamit ng PNB ang mga impormasyon tungkol sa Personal at/o Card ng Cardholder (na patungkol sa bata tungkol dito) katulad ng pangalan, araw ng kapanganakan, kasarian, contact details at iba pang impormasyon katulad ng identity supporting documents, bank account, account information o records, credit standing, business transactions, at business credit relationships, sa mga sumusunod kadahilanan:

- a). Siguraduhin ang pagkatao ng Cardholder atisagawa ang customer due diligence;
- b). I-manage at i-monitor ang Card activities;
- c). Sumunod sa operation requirements ng Bangko, kasama na dito ang business continuity planning, risk management, safety at security, system enhancement, product development at research, audit, warehousing at retrieval ng data;
- d). Sumunod sa PNB's legal at regulatory obligations na nanggaling mula sa foreign o domestic law or regulasyon patungkol sa money laundering, terrorist, financing, palipatan ng impormasyon, at iba pang law patungkol dito;
- e). Magrequest, ipagbigay-alam, magsubmit, magbigay, o makipagpalit ng Cardholder's credit history o impormasyon ng account sa awtorisadong hani ng gobyerno, credit bureaus, financial institutions, merchant partners at third-party content providers;
- f). Linangin ang mga produkto, serbisyo, at mga pasilidad ng PNB at ng kaniyang subsidiaries at magsagawa ng product research at development, business analysis, benchmarking, at market studies; at
- g). Hayaan ang PNB na magassign o magtransfer, buo o bahagya, ng alinman sa karapatan, obligasyon, liabilities, at mga sanhi ng aksyon, nasasalat o di nasasalat sa ikatlong partido,

Ang Cardholder ay dapat protektahan ang Bangko, ang mga directors, officers, empleyado, authorized representatives, ang mga subsidiaries at affiliates, third party service providers mula sa damage o liability ng anumang uri o nature na maaring magmula sa collection, storage, use, processing, verification, gathering, transfer, consolidation, disclosure o sharing ng impormasyon na alinsunod sa nailathalang layunin. Ang authorization at consent na ito ay wasto at epektibo hanggang sa expiration ng batas at regulasyon.

PNB Prepaid Cards Terms and Conditions

- 18. Anti-Money Laundering.** Ang Card na ito ay sumusunod sa mga panuntunan ng Republic Act No. 9160, na kinikilala bilang "Anti-Money Laundering Act of 2017", kasama ang anumang atlahat ng mga susog, patakaran at panuntunan na ipinatutupadalinsunod dito. Ang Card ay sumusunod sa BSP Circular No. 649, Serye 2009 tungkol sa pagpapalabas at pagpapalakad ngelectronic money. Sumasang-ayon ang Cardholder na malaya at walang pananagutan ang Bangko sa anumang aksyong gagawin, ginawa o hindi ginawang pagkilos alinsunod sa mga alituntuning ito.
- 19. Networks.** Ang mga transaksyon sa Card, kung nauukol, aynapapailalim sa mga patakaran at regulasyon ng BancNet at Mastercard/Cirrus at iba pang kaugnay na network kung nararapat.
- 20. Limitasyon ng Pananagutan.** Ang pananagutan ng Bangko sa anumang pagkawala o pinsala bunga ng paggamit ng Card ay hindi hihigit sa Php 20,000.00 o sa aktuwal na napatunayang halaga na nawala, alinman ang mas mababa.

Ang PNB, at ang kanyang mga stockholder, direktor, opisyal, empleyado, partner, at ahente, mga sangay at kaanib, ay walanganumang pananagutan kung sakaling naantala o nabigo o hindinatuloy ang transaksyong kaugnay ng Card dahil sa: (i) kakulangan ng Card Value o balanse ng source account o destination account; (ii) maling PIN; (iii) may sira o pinsala ang Card; (iv) inactive na Card; (v) force majeure o di inaasahang pangyayari, tulad ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod: bagyo, sunog, lindol, baha, kaguluhan, welga, digmaan, o mga pangyayaring hindi kontrolado ng PNB; (vi) teknikal o mekanikal na pagkaanta-la, sirang computer, naantala o nasirang pasilidad na pangkomunikasyon o elektrikal, nasirang kagamitan, off-line, kamalian o ibapang pangyayari na katulad ng mga nabanggit; (vii) ang hindipinahihintulutang paggamit o pagnakaw, pagbago, pagkawala, pagkasira ng data, programa, impormasyon, network, o sistema sa pamamagitan ng sakuna, o panlilinlang, o anumang ibang paraan ng ibang tao; o (viii) ibang mga dahilan na katulad ng mga nauunang halimbawa.

Ang PNB ay hindi mananagot sa kahit na anong depekto sa mgabagay na binili gamit ang Card o ano mang isyu o reklamo tungkol sa bagay na binili at/o serbisyong ginamit sa pamamagitan ng Card. Anumang isyu o reklamo tungkol sa bagay o serbisyo ay direktang idadaan sa mangangalakal o merchant.

Ang PNB ay hindi mananagot sa anumang kawalan, abala, o gastos sanhi ng hindi pagtanggap sa Card ng mangangalakal o merchant, bangko, anumang pinansiyal na institusyon, o ibang tao sa anumang dahilan, o sa pagkawala ng kakayahang magamit ang Card kapag ang ATM/CAM/POS/System ay offline.

Ang Cardholder ay sadyang may lubos na pananagutan sa lahat ng mga transaksyong gamit ang kanyang Card, alam man niya o hindi ito, o may basbas man niya o wala. Hindi pananagutin ng Cardholder ang PNB sa kahit anumang o sa lahat ng mga pinsala, kawalan, gastos (kasama ang gastos sapangkabuuang bayad pinsala) at gastos mula sa PNB at/o sa ibang tao sa dahilang paglabag o hindi pagsunod ng Cardholder sa mga alitun- tunin at kundisyon dito, o sa pagpapatupad ng PNB ng mga alituntunin dito o pagiwas sa anumang posibleng paglabag.

Sumasang-ayon ang Cardholder na ang paglagay o pagpasok ng kanyang mga impormasyon sa Card gamit ang Internet ay sapat na patunay o indikasyon ng kanyang mga tagubilin sa paggamit ng kanyang Card, at ang Bangko ay hindi kinakailangang mapa- tunayan ang pagkakakilanlan o kapangyarihan ng taong naglagay o nagpasok ng impormasyong ito. Naiintindihan at tinatanggap ng Cardholder na ang mga mensahe, impormasyon, transaksyon, o transmisyong gamit ang Internet ay maaring maharag, mabasa, magamit, o mabago ng ibang tao at maaaring magamit ng hindi awtorisadong tao sa anumang dahilan opagkakataon. Naiintindihan ng Cardholder na ang pagpapadalang mga impormasyon gamit ang Internet ay mapanganib at ang impormasyon na ito ay maaaring matanggap ng ibang tao na hindi employado o kalihim ng pinadadalhan ng transmisyong o impormasyon. Ang Cardholder ay sumasang-ayon na ligtas ang Bangko sa anumang responsibilidad o pananagutan sa mga naharang na transmisyong, o di pagtanggap ng impormasyon, opagbago, o mali o di awtorisadong paggamit ng anumang impormasyon na pinadala sa Internet, at sa anumang paglabag ng confidentiality dulot nito, at hindi pananagutin ang Bangko, sangay, kalihim, direktor, opisyal, empleyado, ahente nito sa anumang kamalian o pagkaantala dulot ng mga pagkaputol o pagkabigo ng sistema, o iba pang mga pangyayari na hindi sakop ng kontrol ng Bangko. Hindi pananagutan ng PNB ang anumang di paggana ng mga pasilidad na pangkomunikasyon na hindi sakop ng kontrol ng PNB na nakaapekto sa tama o takdang pagdating ng mga instruksyon o transaksyong kaugnay ng Card. Ang PNB ay hindi mananagot sa anumang pagkawala o pagkaantala dulot ng paggamit ng Internet dahil sa kakulangang nagbibigay ng koneksyon sa Internet o dahil sa browser software.

Hindi ginagarantiya ng PNB ang napapanahon okawastuhan ng paghahatid ng mensahe o komunikasyon na pinadala gamit ang Internet, electronic mail, o SMS. Ang PNB, okanyang sangay, ay protektado sa pagkilos para tugunan ang kahilingan, pagpaubaya, pahintulot, resibo, statutory declaration, o anumang dokumento na binigay sa kanya ng Cardholdersa pamamagitan ng email o fax. Ipapalagay ng PNB na ang tao na magbibigay ng dokumentong ito ay may kapangyarihang gawin ito, at maniniwala sa pagiging tunay, totoo, at epektiboang mga nakalathala dito.

21. Pag-alok sa Pagsali sa mga Promo. Ang cardholder ay nagbibigay ng awtorisasyon sa Bangko, sa kanyang mga sangay, at sa kanyang mga partner na institusyon/merchant/ahente namag-alok ng partisipasyon sa Cardholder sa mga promosyonala paanunsyo, pagsisiyasat o sa ibang mga programa sa pamamagitan ng panunulat, electronic mail, fax, short messaging services (SMS), o sa iba pang elektronik na transmisyong channel kung saan angkop at epektibo para sa bangko, o sa ibang channel tulad ng pag-post sa website.

22. Rewards at Benefits. Ang Prepaid Card Rewards at Benefits ay nagiiba depende sa uri ng card. Ang Rewards at Benefits naito ay sumasailalim sa kani-kanilang mga Terms and Conditions. May karapatan ang PNB na palitan ang mga pangagailangan para sa Rewards Points o ang pagpalit nito at maglagay ng limitasyon sa paggamit o pagkuha ng Cardholder.

23. Pagtatatua ng mga Warranty. Maliban kung nakasaad sakasunduan, lahat ng mga warranty, kundisyon, at ibang alituntunin na ipinapahiwatig ng batas ay hindi kasama sa kasunduanna ito. Hindi kinakatawan o pinagtitiyag ng PNB sa Cardholderang sumusunod: (a) sakto, ligtas o walang pagkakamali ang sistema; (b) na akma ang gamit ng Card sa pangangailangan ng Cardholder; at (c) na tatanggapin sa lahat ng establisyamento ang Card.

24. Kabiguan sa pagtupad ng Tungkulin. Ang PNB ay walang pananagutan sa kabiguang tuparin ang kanyang mga

PNB Prepaid Cards Terms and Conditions

obligasyon na may kinalaman sa produkto o serbisyo na inalok dito kung ang pagtupad sa ipinangakong tungkulin ay magreresulta sa paglabag sa kahit anong alituntunin ng Pamahalaan, o kung ang pagganap sa tungkulin nito ay nahadlangan, napigilan, o naanta-la ng Force Majeure Event. Sa ganoong kaso, ang mga obligasyon ng Bangko ay suspindido habang nagaganap ang Force Majeure Event (at wala ring pananagutan ang sangay o kaanib ng Bangko).

Ang Bangko ay walang pananagutan sa mga hakbang na ipatut- upad para sa pagsunod sa economic sanctions o alituntunin ngPamahalaan (at wala ring pananagutan ang sangay o kaanib ngBangko).

Ang pangyayaring tinatawag na “Force Majeure” ay mga pangyayaring sanhi ng mga dahilang hindi kontrolado ng Bangko gaya ng limitasyon sa pagpapalit o paglilipat, paghihingi, hindisinasadyang paglipat, kawalan ng komunikasyon, sistema ng “clearing” o pagbayad, pamiminsala, sunog, baha, bagyo, lindol, pagsabog, kalamidad, economic sanctions, alituntunin ng pamahalaan, kaguluhang sibil, welga o kahit anong kilusang industrial,kaguluhan, insureksyon, digmaan o pagkilos ng pamahalaan okatulad na institusyon

25. Paglipat, Mga Susog, Lugar, at Iba Pang Mga Bagay. Ang Cardholder ay sumasang-ayon na maaring ilipat ng PNB ang bahagi o lahat ng karapatan at obligasyon ng Bangko sa ilalim ngkasunduang ito o sa kahit anong transaksyon ng Card na mayabiso syamnapung (90) araw bago maging epektibo ang mga pagbabago. Kung mangyari man ang paglipat, sumasang-ayonang Cardholder na hindi siya kikilos laban sa obligasyon ng Bangko patungkol sa set-offrights.

Maaaring baguhin, susugan, o ibahin ng Bangko ang mga nasa-saad dito, kabilang ang mga bayarin at singil, alituntunin at kundisyon, at iba pang mga susog sa anumang oras at kadahilanan na itinuturing nitong angkop at ito ay magbibigkis sa Cardholder sa hudyat ng pag-abiso sa kanya (sa pamamagitan ng publikasyon o sa anumang paraan) o sa araw ng pagbibigay-bisana nakalagay sa abiso. Ang pagpapanatili at patuloy na paggamit ng Card pagkatapos ng abiso ng Bangko ay nangangahulugang tinatanggap at sumasang-ayon ang Cardholder sa mga pagbabago. Kung hindi katanggap-tanggap ang mga susog at pagbabago sa Cardholder, maaaring kanselahin ang Card sapamamagitan ng pagbisita sa sangay ng Bangko kung saan naibigay ang Card o sa pagtawag sa PNB hotline sa (+632)8573-8888.

26. Mananaig na Wika. Kung may pagkakaiba sa pagsasalin ngIngles sa Filipino, ang mga probisyon dito na nakasaad sa wikang Ingles ang mananaig at susundin.

27. Customer Service. Para sa mga katanungan, isyu, reklamo, o mga paglilinaw, kabilang ang mga hindi awtorisadong transaksyon, maaaring tawagan ng Cardholder ang customer care ng PNB sa (+632)8573-8888 o mag-email sa customercare@pnb.com.ph, o bumisita sa alinmang PNB Branch sa buong bansa. Dapat imbestigahan ng PNB ang mga naturang isyu at magbigay ng kinakailangang paglilinaw, resolusyon, pag-update, o plano ng paglutas at target na petsa ng paglutassa isyu sa loob ng sampung (10) banking days mula sa pagtang- gap ng isyu.

28. Kasunduan sa mga Alituntunin at Kundisyon. Sa paglagda nito, ang Card, at/o ang pagpapanatili at paggamit ng Card, tinatanggap ng Cardholder na kanyang nabasa, naintindihan atnasang-ayunan ang pagsunod sa kabuuan ng kasunduang ito,kabilang ang mga singil at bayarin sa serbisyo at paggamit ngCard, ang application form ng Card, at ng mga alituntunin at kundisyon na maaaring hiwalay na matanggap, patungkol sa lahat ng produkto, programa, serbisyo, pasilidad at benepisyo ng Card, kasama na ang kahit ano mang susog sa kasunduan na ito at sa kung ano mang hiwalay na mga alituntunin at kundisyon.

Ang Cardholder ay sumasang-ayon rin na masailalim sa kahit na ano o sa lahat ng umiiral na batas o mga ipapatupad na batas sa hinaharap, mga regulasyon at mga opisyal na abiso na gagabaysa paggamit ng Card at sa lahat ng serbisyo at pasilidad na mayroon ang Card.

Ang PNB ay regulated ng Bangko Sentral ng Pilipinas
<https://www.bsp.gov.ph>

TABLE OF FEES AND CHARGES

Fees and charges are subject to change from time to time, with notice to the Business/Cardholder:

CATEGORY	TRANSACTIONS	FEES
Over the Counter via PNB Branch	Card Fee	PHP 150 for personalized PHP 250 for non-personalized
	Top-up/Deposit to Prepaid Account	PHP 20
	Withdrawal from Prepaid Account	PHP 20
	Fund transfer from Prepaid Account to another account (i.e., CA/SA or prepaid account)	PHP 20
	Bills Payment	PHP 20
	Service Fee (i.e., Debit Memo, MC Issuance, Local TT Issuance)	PHP 20
PNB ATM	Balance Inquiry	FREE
	Withdrawal	FREE
	Prepaid to Prepaid Fund Transfer	FREE
	Prepaid to CASA Fund Transfer	FREE
	Bills Payment	FREE

PNB Prepaid Cards Terms and Conditions

PNB CAM	Balance Inquiry	FREE
	Top-up/Deposit	FREE
PNB Digital App	Balance Inquiry	FREE
	Fund Transfer to PNB CASA/Prepaid	FREE
	Fund Transfer to Other Bank's Account	Instapay/PesoNet fee
Other Bank's ATM	Balance Inquiry via Domestic ATM	Acquirer Based fee
	Withdrawal via Domestic ATM	Acquirer Based fee
	Balance Inquiry via International ATM***	Php 75.00
	Withdrawal via International ATM***	Php 150.00
	Fund Transfer	Php25.00 regular Php 60.00 high-volume
Other Fees	Dormancy/Inactivity	PHP 20

*** All transactions made in foreign currencies will be automatically converted to Philippine Peso on the transaction dates at the prevailing exchange rate applied by Mastercard. The amount converted may include other fees imposed by Mastercard and/or the acquiring bank.

Notes:

1. The Bank reserves the right to change the fees, charges, and rates with prior notice to the Cardholder.

Ang PNB ay regulated ng Bangko Sentral ng Pilipinas
<https://www.bsp.gov.ph>